## Pagbabago ng Patakaran sa Pampublikong Singil

## Mga Malimit na Katanungan (FAQ) para sa mga Miyembro ng Komunidad

Ang Kagawaran ng Kaligtasang Pambayan ay naglabas ng mga pagbabago sa patakaran ng **pampublikong singil**, na magkakabisa sa **Pebrero 24, 2020**. Maaapektuhan ng bagong patakaran na ito ang mga legal na imigrante na walang mga "green card." Ito ay **hindi** makakaapekto sa lahat ng mga imigrante.

**MAHALAGANG PANSIN: Pakiusap huwag umalis sa Medicaid at SNAP** dahil ang mga imigrante na nasa mga programang ito ay hindi paksa ng pampublikong singil o makakatanggap ng mga benepisyong pinondohan ng estado-lamang, na hindi bibilangin laban sa kanila sa pagsusulit sa pampublikong singil.

Samakatuwid, pakiusap huwag umalis mula sa mga programang ito nang hindi muna nakikipag-usap sa isang kwalipikadong abogado/aprubadong kinatawan. Maaari kang makakita ng listahan nila mula sa buong bansa sa website na ito: https://www.immigrationlawhelp.org

### 1. Ano ang pampublikong singil?

Kapag ang imigrante ay nag-apply para sa isang "green card" (tinatawag din na pagiging legal na permanenteng residente o LPR) o isang visa para makapasok sa US, kailangang pumasa ng indibidwal sa isang pagsusulit sa "pampublikong singil." Tinitingnan ng pagsusulit na ito kung ang tao ay (1) maaaring gumamit ng mga partikular na pampublikong programa sa benepisyo sa hinaharap, (2) kung ang tao ay nakagamit na ng mga partikular na programa, (3) ang mga kalagayan ng tao, kabilang na ang edad, kita, kalusugan, edukasyon o kasanayan (kabilang na ang kasanayan sa wikang Ingles), at ang apidabit ng suporta ng kanilang isponsor.

### 2. Kailan magkakabisa ang bagong patakaran?

Magkakabisa ang patakaran sa pampublikong singil sa **Pebrero 24, 2020**, na nangangahulugang lahat ng mga aplikasyon na ipinasa sa petsang iyon at pagkatapos ng nasabing petsa ay mapapailalim na sa bagong patakaran.

### 3. Ano ang mga bagong programang isasaalang-alang sa pampublikong singil?

Sa mga nagdaang dekada, ang mga benepisyong nakalista sa ilalim ng pampublikong singil ay limitado sa tulong pinansyal – gaya ng Temporary Assistance for Needy Families (TANF) at Supplemental Security Income (SSI) – at pangmatagalang-terminong pangangalagang binabayaran-ng-gobyerno. Sa ilalim ng bagong patakaran, ang mga sumusunod na benepisyo ay isasaalang-alang na ngayon:

- **Pederal-na-Pinondohang Medicaid** (kilala rin na Medi-Cal sa California), *maliban sa mga programang ito:*
  - ***Pinondohan ng estado-lamang na Medicaid* (ang mga programang pinondohan ng estado-lamang ay hindi isinasaalang-alang sa pagsusulit sa pampublikong singil)***
  - *Emergency Medicaid/Medi-Cal*
  - *Mga benepisyong tinatanggap ng mga taong mas bata sa edad na 21*
  - *Mga benepisyong tinatanggap ng mga kababaihan habang buntis at 60 araw pagkatapos ng pagbubuntis*
  - *Mga serbisyong nakabase-sa-paaralan para na nasa ilalim ng edad ng sekundaryong edukasyon*
  - *Mga serbisyong pinondohan ng Medicaid ngunit ibinibigay ng Batas sa Edukasyon ng mga Kapansanan*
- Programa sa Pandagdag sa Tulong sa Nutrisyon* (SNAP, "EBT" o "mga Food Stamp"; kilala rin bilang CalFresh sa California)

- Pederal na Pampublikong Pabahay at Seksyon 8 na tulong

** Ang mga programang hindi-pinansyal na pinangangasiwaan ng estado at lokal na gobyerno ay hindi isinasaalang-alang para sa pampublikong singil kabilang ang **pinondohan ng estado-lamang na Medicaid at SNAP.***

**4. Mayroon pa bang ibang salik na isinasaalang-alang sa pampublikong singil?**
Oo, kailangan ng patakaran ang buong pagtatasa ng maraming salik para matukoy kung ang isang imigrante ay magiging pampublikong pasanin sa hinaharap. Ang mga salik na ito ay kabilang ang: edad, kita, kalusugan, edukasyon o kasanayan (kabilang na ang kasanayan sa wikang Ingles), paggamit ng mga tinukoy na pampublikong benepisyo, pagkakaroon ng insyurans, at ang apidabit ng suporta ng isponsor.

**5. Kailangan ko bang umalis sa Medicaid, SNAP at iba pang mga pampublikong benepisyo ngayon?**
Hindi lahat ng mga imigrante ay mapapasailalim sa pampublikong singil. Kailangan mo munang suriin upang makasiguro na ang patakaran ng pampublikong singil ay naaangkop sa iyo. Tingnan ang #6. Kung ikaw ay mapapasailalim sa pagsusulit ng pampublikong singil, mangyaring makipag-usap sa isang kwalipikadong abogado/aprubadong kinatawan. Maaari kang makakita ng listahan ng mga ito sa buong bansa sa website na ito: https://www.immigrationlawhelp.org

Paki tandaan na **HINDI** lahat ng mga programa ng pampublikong benepisyo ay kasama sa pagsusulit sa pampublikong singil. Mahalaga para sa iyo na ipagpatuloy ang paggamit ng mga mahahalagang programa, gaya ng mga nasa ibaba, upang mapanatili ang maayos na kalusugan ng iyong pamilya:

- **Kalusugan**: Medicaid (para sa Mga Bata at Nagdadalang-taong Kababaihan at pinondohan ng estado-lamang na Medicaid); Medicare; Kapansanan
- **Suportang Nutrisyon:** WIC; Agahan at Tanghalian sa Paaralan
- **Mga Serbisyong Pambata:** Head Start, Pangangalaga sa Bata; Pampublikong Edukasyon
- **Mga Serbisyo sa Trabaho:** Kawalan ng Trabaho; Sahod ng Manggagawa; at Pederal at Pang-Estadong Pagreretiro
- **Mga programang hindi-pinansyal** na pinangangasiwaan ng estado at mga lokal na gobyerno

**6. Maaapektuhan ba ng patakarang ito ang lahat?**
Hindi. Ang ilang mga grupo ay **hindi** mapapasailalim ng pampublikong singil. Kabilang ang mga sumusunod:

- Mamamayan ng U.S.
- Karamihan ng mga legal na permanenteng residente (tingnan ang #9)
- Mga refugee at asylee
- Special Juvenile Immigrant Status
- U katayuang hindi-imigrante
- VAWA nagpetisyon ng sarili
- T katayuang hindi-imigrante
- DACA
- TPS (Temporary Protected Status)
- Iba Pa (Mga Amerasian; Afghan at Iraqi na tagapagsalin sa militar; partikular na mga aplikante sa pag-aayos na Cuban at Haitian; partikular na mga Nicaraguan at Central American sa ilalim ng NACARA; Mga aplikante sa pagpapatala; Mga parolyong Lautenberg na Soviet at Southeast Asian)

**7. Ako ay isang legal na permanenteng residente (LPR) (iyon ay, mayroon akong green card); maaari pa rin ba akong mag-apply para sa pagkamamamayan pagkatapos ng bagong batas sa pampublikong singil, kahit na gumagamit ako ng mga programa sa pampublikong benepisyo?**
Oo. Walang katanungan o konsiderasyon para sa paggamit ng mga pampublikong programa kung ikaw ay isang LPR na nag-aapply para sa pagkamamamayan.

**8. Mayroon bang anumang pagkakataon na maaari akong i-deport dahil sa aking paggamit ng mga pampublikong programa?**
Walang pagbabago sa mga pamantayan ng pagde-deport sa bagong patakaran, maliban sa pagpapalawak ng mga programa sa Medicaid, SNAP at mga programa sa Tulong sa Pabahay na karagdagan sa tulong pinansyal at

pangmatagalang pangangalaga. Gayunpaman, kinokonsidera ng pederal na gobyerno na gumawa ng ilang pagbabago sa patakaran. Ngunit sa ngayon, walang nagbabago.

**9. Ako ay isang legal na permanenteng residente (LPR); dapat ba akong mag-alala tungkol sa pampublikong singil kapag papabalik ako mula sa biyahe ko sa labas ng US?**

Gaya ng dati, ang mga LPR ay pinapayuhang HUWAG magbibyahe sa labas ng US nang higit pa sa 180 na araw. Kung ikaw ay nasa labas ng US nang higit pa sa 180 na araw, maaari kang tratuhin bilang bagong pasok at maaaring mapasailalim sa pagsusulit sa pampublikong singil. *Kung ikaw ay isang LPR, huwag kang magbibyahe sa labas ng US nang higit sa 180 araw sa isang pagkakataon.*

**10. Maaari ko bang isponsoran ang miyembro ng aking pamilya kung gumagamit ako ng mga programa sa pampublikong benepisyo?**

Depende. Hindi nagbabago ang batas sa pag-iisponsor. Maaari mo pa ring ipetisyong dalhin ang mga miyembro ng iyong pamilya sa US. Gayunpaman, kung ikaw ay gumagamit ng mga programa ng pampublikong benepisyo, hindi ka maaaring magpasa ng "apidabit ng suporta" para ipakita na kaya mong pinansyal na suportahan sila. Kakailanganin mong humanap ng ibang tao na magpapasa ng apidabit ng suporta. Mangyaring kumonsulta sa isang abogadong sinanay sa pampublikong singil para suriin ang iyong kaso.

**11. Hindi ako dokumentado. Kung mag-aapply ba ako para sa Medicaid, SNAP o iba pang mga programa para sa aking mga anak, maaari ba nila akong i-ulat sa kinauukulan ng imigrasyon?**

Hindi. May mga batas na nagsasabing ang impormasyong iyong ibinahagi kapag ikaw ay nag-apply para sa mga programa sa pampublikong benepisyo ay hindi maaaring gamitin para sa mga layunin ng pagpapatupad sa imigrasyon. Hindi ito binabago ng bagong patakaran sa pampublikong singil. At kung nag-apply ka para sa iyong anak, kakailanganin ka lamang na magbigay ng impormasyon tungkol sa katayuan sa imigrasyon ng iyong anak. Kung ikaw ay hindi dokumentado at nag-aapply sa ngalan ng isang bata, hindi ka dapat magbigay ng anumang impormasyon tungkol sa sariling mong katayuan sa imigrasyon. Maaari mong sabihing, "Hindi ako nag-aapply para sa insurance sa kalusugan (o mga Food Stamp) para sa aking sarili."

**Para sa higit pang impormasyon,** maaari mong i-access ang Kasangkapan sa Pagtatasa ng Pampublikong Singil upang mas mahusay na maintindihan kung ang isang katayuan ng imigrasyon ay maaaring maapektuhan ng mga benepisyo at kung kailan dapat humanap ng legal na payo. Ang kasangkapan ay makukuha sa Ingles sa KeepYourBenefitsCA.org o sa Espanyol sa TusBeneficiosPublicos.org. Ang kasangkapang ito ay makukuha rin sa pamamagitan ng text sa pagtetext ng "Benefits" (para sa Ingles), "Libre" (para sa Espanyol), "福利" (Instik) o "lợiích" (Vietnamese) sa **(650)376-8006**.

Last updated: 2/13/2020

www.onenationaapi.com